

Taon XXXVI Blg. 13 Hulyo 7, 2005 www.philippinerevolution.org

Editoryal

Gamitin ang kapangyarihang bayan para patalsikin ang rehimeng Arroyo

Inihingi ng kasalukuyang sitwasyon ang ibayong sigasig sa pagtitipon ng nagkakaisang lakas ng mamamayan para hambalusin at tapusin na ang bulok at kinapopootang paghaharing Arroyo. Sa harap ng patuloy pa ring pangungunyapit ni Gloria Arroyo sa trono, umaalingawngaw ang sigaw ng bayan at inilulunsad ang mga malawakan at malakihang pagkilos para kagyat na wakasan na ang kasalukuyang naghaharing pangkatin.

Tumutungo ang sitwasyon sa pagsiklab ng panibagong malawakang pag-aalsang bayan para kamtin ang iginigiit ng mamamayan na kagyat na pagbabago. Nagsisilbing napakainam na kalagayan din ito para sa pagpapabilis ng pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan at pag-

tungtong nito sa mga susunod na baitang ng kasalukuyang yugto ng digmang bayan.

Matinding ikinagagalit ng mamamayan ang ipokritang pag-amin ni Arroyo na kanya nga ang boses ng

babaeng nasa mga teyp ng Gloriagate na kumausap sa isang upisyal ng COME-LEC gayundin ang

pilipit niyang pagtangging dinaya nila ang resulta ng nakaraang halalan.

Bago pa ito,

malaon na ring kinasusuklaman ng mamamayan ang mga pabigat na patakaran sa ekonomya ng rehimeng Arroyo na nagbubunsod ng labis na paghihikahos at ang papatinding panunupil sa mga pwersang tumututol dito.

Sa harap ng mga ito, kabi-kabila ang mga maniobrang ligal at pulitikal ng rehimeng Arroyo para guluhin at pahupain ang isyu, maglubid ng higit pang mga kasinungalinan, lituhin at linlangin ang mamamayan, ikutan ang mga batas at proseso ng hustisya at sa kalauna'y mapawalang-sala si Arroyo. Habang ipinupursige ng mga pwersang anti-Arroyo ang mga prosesong parlamentaryo kabilang ang pagsasagawa ng

mga pampublikong imbestigasyon, tusong pinagsisikapang barahin o maniobrahin ang mga ito ng mga alipures ni Arroyo sa kongreso at iba pang instru-

pang instrumento ng reaksyunaryong gubyerno.

Sa harap ng mga panlilinlang, pagmamaniobra at pagmamatigas ni

Arroyo, nasasapul ng mamamayang Pilipino ang pangangailangan para sa kanilang tuwirang pagkilos at paggamit sa kapangyarihan ng bayan upang patalsikin siya sa poder. Isinusulong ngayon ng iba't ibang pwersa ang lahat ng po-

Mga tampok sa isyung ito...

Bilang na ang araw ni Arroyo sa Palasyo PAHINA 3

70 armas nasamsam ng BHB noong Hunyo PAHINA 4 Duguan ang kamay ni Palparan sa Eastern Visayas PAHINA 6 sibleng paraan upang isiwalat ang katotohanan hinggil sa mga krimen ni Arroyo. Palawak nang palawak ang mga pagkilos sa buong bansa. Mabilis na natitipon ang iba't ibang mga salik upang muling sumiklab ang panibagong gahiganteng pag-aalsa ng mamamayan.

Sa takot na muling sumiklab ang mga malawakang pag-aalsang bayan noong 1986 at 2001, nagku-kumahog ngayon ang Malakanyang at ang iba't ibang mga reaksyunar-yo upang mapahupa ang init at makagawa ng mga paraan para maresolba ang kasalukuyang pampulitikang krisis ng naghaharing sistema sa paraang masasalba pa si Arroyo at hindi mayayanig ang mga nakatayong reaksyunaryong institusyon.

Pinakahuli sa mga pampulitikang maniobrang ito ang pag-aalok na baguhin ang reaksyunaryong konstitusyon sa katwirang "nabulok" na ang sistemang pampulitika. Kasabay nito, sa halip na magbitiw, ang mga upisyal ng gabinete niya na humihingi na ng kanyang pagbibitiw ang kanya ngayong pinagbibitiw. Sa gayong mga hakbangin, muling iniilagan ni Arroyo ang responsibilidad niya sa mga gawaing bulok, tiwali at kriminal.

Bago ito, hinahamon ng Malakanyang ang mga pwersang anti-Arroyo na magsampa ng kasong *impeachment* na tiyak itong mabibigo dahil sa hawak nitong mayorya sa kongreso. Kapansin-pansin na walang ibang kumagat dito maliban sa mga alyado at kapartido rin ni Arroyo.

Itinutulak naman ng ibang mga reaksyunaryo ang opsyon ng paghalili ni Noli de Castro kay Arroyo bilang "halal" na bise presidente. Kahit naging bahagi rin siya sa pandaraya sa nakaraang eleksyon, nagkukumahog ang mga nagpapanukala sa paghalili ni de Castro na palabasing malinis siya at may kakayahang mamuno, taliwas sa paniniwala ng nakararami.

Hangarin ng mga maniobrang ito na pigilan ang namumuong panibagong daluyong at pagsiklab ng panibagong malawakan at malakihang pag-aalsang bayan. Pinangangambahan din nila ang posibilidad na kung maganap ito, maaaring hindi na lamang ito malilimita sa simpleng pagpapalit ng presidente. Labis-labis silang nangangamba sa pagkakaroon ng tuwirang papel ng mamamayang Pilipi-

no sa pagbabago sa pampulitikang paghahari ng mga reaksyunaryo. Pinalalabas nilang isang nakatatakot na bagay ang lumalakas at lumalawak na kahilingan para kaqyat na ipalit sa bulok, makitid at elitistang paghahari ang bagong anyo ng pampulitikang pamumuno na may malawak na direktang partisipasyon ng iba't ibang demokratikong pwersa at sektor sa lipunan, magpapatupad ng mahahalagang kaqyat na reporma at makapaqbibigay-daan sa pagsusulong ng pakikibaka para sa higit pang saligang mga reporma.

Nagkokoro ngayon ang Mala-kanyang, ang pamumuan ng AFP at PNP at mga kakampi nilang sara-dong reaksyunaryo para magbabala na ang pwersahang pagpapatalsik sa rehimen ay "labag sa konstitusyon," ilimita sa mga inutil at kontrolado nilang proseso ang paglutas sa krisis, sabihing "pagod na" ang mamamayan sa "people power" at maghasik ng mga anti-komunistang pananakot sa mamamayan.

Pilit na pinagtatakpan ng linyang ito ang katotohanan na higit na mahalaga at makapangyarihan ang interes, karapatan, kalayaan at ang nagkakaisang pagkilos ng mamamayan kaysa sa mga limitadong umiiral na pampulitikang institusyon at proseso. Kung nagkasya ang mamamayan sa mga prosesong "itinatakda ng konstitusyon," hindi sana magaganap ang mga pagaalasang bayan noong 1986 at 2001. Naqdodoble-kara ang mga reaksyunaryong pulitiko sa ganitong mga usapin: isinasangkalan nila ang "pagkasagrado" ng kanilang konstitusyon kapag kapakipakinabang sa kanila ito pero isinasaisantabi nila ito kapag nakasasagka ito sa kanilang interes o paghahangad ng kapangyarihan. Pinagtatakpan din ng ganitong linya ng mga reaksyunaryo na ang mga nakikinabang sa kasalukuyang kaayusan ang siyang "pagod na" sa

*Bayan

Taon XXXVI Blg. 13 Hulyo 7, 2005

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org
Tumatanggap ang Ang Bayan ng
mga kontribusyon sa anyo ng mga
artikulo at balita. Hinihikayat din ang
mga mambabasa na magpaabot ng
mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot
kami sa pamamagitan ng email sa:

angbayan@yahoo.com

Nilalaman

EditoryalGamitin ang kapangyarihang bayan

para patatsikili alig relililelig Arroyo	1
Bilang na ang araw ni Arroyo	3
Huwad na paghingi ng tawad ni Arroyo	4
Namumuong unos	5
Matatagumpay na TO	
Siyam na labanan sa 12 araw	5
70 armas nasamsam noong Hunyo	7
Oplan Nazareth	8
Bakit pinag-iinitan ang Andap Valley?	9
Kilusang kabataan-estudyante sa Mindanao	10
Pananalanta ng pasistang estado	
Rekord ni Palparan sa Eastern Visayas	12
Sukdulang karahasan	13
Balita	14

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

pagkilos ng mamamayan para sa pagbabago. Hangga't hindi mapagpasyang napapawi ang mabibigat at saligang problemang pinapasan ng bayan, walang-kapagurang makikibaka at mag-aalsa ang masa ng mamamayan.

Ang mga malakihang direktang pagkilos ng mamamayan para iguhit ang sarili nilang landas at kamtin ang mga pagbabago ay paulit-ulit na mangyayari kasabay ng pagsulong din ng armadong pakikibaka. Sa bawat pagkakataon, papayaman ang rebolusyonaryong nilalaman at porma ng gayong mga pagkilos hanggang sa lubos nang makamit ang mga kinakailangang saligang istorikal at panlipunang pagbabago.

Ang kasalukuyang pampulitikang krisis ay palatandaan lamang ng ibayong pagtindi ng krisis ng buong naghaharing sistema. Napakabigat nang pasanin ng bayan ang kasalukuyang rehimen at kailangan nang kagyat na maibagsak ito. Napakahalagang makatulong ang Partido at rebolusyonaryong kilusan sa paghimok sa malawak na masa ng sambayanan na muling ipunin ang kanilang makapangyarihang lakas at gamitin ito para patalsikin ang kasalukuyang rehimen at itayo ang isang bagong gubyernong magpapatupad ng kagyat na kinakailangang mga pagbabago.

Bahagi lamang ito ng tuluy-tuloy na pagsusulong ng bagong demokratikong rebolusyon para wakasan ang bulok na malakolonyal at malapyudal na naghaharing sistema at itayo ang sistemang tunay na malaya, demokratiko at makatarungan.

Hanggat hindi mapagpasyang naiwawaksi ang kasalukuyang bulok na reaksyunaryong sistema, tuluytuloy lamang na lalala ang krisis ng lipunan at sisiklab at sisiklab ang ganitong mga pangyayari.

Sa bawa't pagkakataon na mahusay na naitataguyod ng Partido at ng rebolusyonaryong kilusan ang pagkakamit ng mamamayan ng mga kapakinabangan sa pamamagitan ng sarili nilang pagkilos, napagtatanto ng mamamayan mismo sa pamamagitan ng kanilang karanasan kung ano ang wastong daan tungo sa panlipunang pagbabago. Nailalapit ang mamamayan sa rebolusyonaryong landas. Napalalakas kapwa ang armadong rebolusyon at ang demokratikong kilusan ng mamamayan at ang kakayahan ng mga ito na hamunin ang reaksyunaryong kapangyarihan at igiit ang interes ng bayan. Nakapag-iiipon din ang rebolusyonaryong kilusan at ang mamamayan ng mahahalagang kongkretong tagumpay na nagsisilbing tuntungan para sa pagkakamit ng ganap na tagumpay.

Bilang na ang araw ni Arroyo sa Palasyo

Palawak nang palawak ang hanay ng mamamayang naggigiit ng pagbibitiw ni Pres. Gloria Arroyo. Di iilang grupong noong una'y nagdalawang-isip na magpahayag ng malinaw na tindig kaugnay ng mga iskandalong "Gloriagate" ang hayagan na ngayong nakikiisa sa panawagang bumaba na ang presidente.

Ang tila apoy na pagkalat ng panawagan ay ibinunsod ng pagamin ni Arroyo noong Hunyo 27 na kinausap nga niya ang isang upisyal ng COMELEC noong panahon ng eleksyong 2004. Gumatong lamang ito sa malaon nang pagpupuyos ng mamamayan.

Ang poot ng mamamayan ay sinalamin at pinatampok ng talumpati noong Hunyo 29 ni Susan Roces, balo ni Fernando Poe Jr., para kundenahin ang kawalanghiyaan ng pangulo.

Bagamat itinatanggi ni Arroyo na pandaraya ang layunin ng inaming pakikipag-usap sa COMELEC, hindi nagtanga-tangahan ang bayan. Kinukumpirma ito maging ng pinakahuling sarbey ng Social Weather Stations, kung saan lumalabas na anim sa bawat sampung

mamamayan sa Kamaynilaan ang naniniwalang pandaraya ang nasa likod ng nabunyag na pag-uusap. Ayon naman sa sarbey ng Pulse Asia, 61% ng mga Pilipino ay nagnanais nang tanggalin si Arroyo sa pwesto.

Libu-libo ang lumalahok sa mga kilos protestang inilulunsad ng iba't ibang grupo at sektor ng lipunan.

Pinakahuling dagdag sa lumalawak na anti-Arroyong hanay ang Manila Public School Teachers' Association, Alliance of Concerned Teachers, National Council of Churches in the Philippines, mga guro ng UP College of Law, mga guro at estudyante ng De La Salle University at mga mag-aaral ng Ateneo de Manila University.

Nauna rito'y naglabas na rin ng gayong pahayag ang Committee for

the Defense of Lawyers (CODAL) at Free Legal Assistance Group (FLAG), malalaking organisasyon ng mga abugado. Tinanggihan naman ng Cebu chapter ng Integrated Bar of the Philippines ang paghingi ni Arroyo ng kanilang suporta at sa

halip ay nakiisa na rin ang samahan sa panawagang magbitiw siya sa pwesto.

Apat na arsobispo ng simbahang Katoliko ang nauna nang nanawagan na magbitiw na si Arroyo at bigyang daan ang pagtatayo ng transisyunal na gubyerno. Ayon ki-



na Arsobispo Julio Xavier Labayen, Deogracias Iñiguez, Antonio Tobias at Oscar Cruz, wala na sa moral na katayuan si Arroyo para pamunuan ang bansa. Si Arsobispo Gaudencio Rosales ng Maynila naman ay nagpahayag na hindi sapat para kay Arroyo ang humingi ng tawad. Matamang sinusubaybayan ng mamamayan ang mga upisyal ng simbahang Katoliko kung sasalaminin nila ang malawak na panawagan para sa pagpapatalsik kay Arroyo.

Maging ang AFP ay niyayanig na rin ng krisis. Kumakalat ang mga balita na may mga grupo ng upisyal militar na naghahandang sumuporta sa pagpapatalsik kay Arroyo. Nitong Hulyo 5, inihayag ni Sen. Rodolfo Biazon na isang grupo ng nakabababa at panggitnang mga upisyal ng AFP ang naghahandang magbitiw nang sabay-sabay upang ipakita ang kanilang tindig sa isyu.

Araw-araw ay lalong nahihiwalay sa mamamayan ang mga pwersang pilit na nagtatanggol kay Arroyo.

Umani ng batikos ang panawagan ni Corazon Aquino noong Hunyo 29 na iwasan ang mga paraang ekstra-konstitusyunal at sa halip ay idaan sa dasal ang kasalukuyang krisis. Sa isang pahayag, binatikos ni Jose Ma. Sison, punong konsultant sa pulitika ng NDFP ang imoral na pagtatanggol ni Aguino sa bulok na rehimeng Arroyo. Ayon kay Ka Joma, si Aquino mismo ay nakinabang noon sa pagsasaisantabi sa pasistang konstitusyon at malawakang pag-aalsa ng mamamavan para ibagsak ang diktadurang Marcos.

Ikinagagalit din ng marami ang walang kahihiyang pagmamaniobra ng mga alipures ni Arroyo sa kongreso para harangin ang paglabas ng katotohanan kaugnay ng iskandalo. Katawa-tawa na ang pagbubulag-bulagan ng mga kongresista ng administrasyon sa katotoha-

Hinggil sa huwad na paghingi ng tawad ni Arroyo

K aisa ng mamamayang Pilipino ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at buong rebolusyonaryong kilusan sa pagbabasura sa huwad na paghingi ng tawad ni Gloria Arroyo at mga pagtatangka niyang takasan ang kanyang ginawang pandaraya sa eleksyon. Mali ang akala niyang may maniniwala pa sa kanyang mga buladas at kabulastugan. Naniniwala ang PKP na ang sunud-sunod na mga maniobra ng rehimeng Arroyo upang busalan ang katotohanan ay gagatong lamang sa galit ng mamamayan at magtutulak sa kanila upang tuluyan na siyang patalsikin sa poder.

Sa nakaraang mga linggo, bigo ang mga tangka ng rehimen na buhusan ng malamig na tubig ang paglawak ng pagbatikos ng mamamayan sa pamamagitan ng samutsaring panlilinlang at maruruming maniobra. Kabilang na rito ang mga pagtatangkang ipagbawal ang pagpapatugtog ng mga teyp na naglalaman ng mga usapan sa pagitan ni Gloria Arroyo at Virgilio Garcillano at panggugulo sa layuning idiskaril ang pampublikong pagdinig nito sa kongreso. Walang pakundangan nitong sinusupil sa mga aksyong masa at iba pang lehitimong porma ng protesta, tulad ng pagpapaskil ng mga poster at maging ang pagkakaroon ng sikat na sikat na "Hello Garci" ringtone. Mabilis nitong itinago si Garcillano, binantaan ang lahat ng mga nakatakdang tumestigo sa mga pagdinig at nagbuhos ng milyun-milyon upang suhulan ang kanyang mga alipures at bayaran ang pagsisikap ng isang abugado na maghapag ng huwad na kasong impeachment sa kongreso.

Walang naabot ang mga mumurahing gimik ni Arroyo. Kinumpirma lamang nito at ng usapang Gloria-Garcillano ang malaon nang alam ng mamamayan na bulok sa kaibuturan ang buong reaksyunaryong gubyerno, ang mga pangkatin at indibidwal na nagpapatakbo nito at ang kunwa'y mga demokratikong proseso gumagabay dito.

nang matagal nang alam ng bayan. Hanggang Hunyo 29, lahat ay ginawa nila upang antalain ang pagpapatunog sa kongreso ng nakarekord na usapan nina Arroyo at Commissioner Garcillano ng COMELEC. Ngunit sa takot na humantong sa pagaalsa ang lumalakas na kilusang anti-Arroyo, napilitan din silang pumayag na patunugin ang rekord.

Bunsod rin ng lumalawak na kilusang anti-Arroyo, lumilitaw ang mga bitak sa hanay ng naghaharing pangkatin. Nitong Hulyo 7, nag-anunsyo si Arroyo na pagbibitiwin niya ang buo niyang gabinete para unahan ang napakabigat na dagok na idudulot ng planong pag-

bibitiw ng ilang myembro nito kinabukasan.

Tanda na rin ng desperasyon ng rehimen, walang patid ang mga pagbabanta nitong maaaring humantong sa karahasan ang mga protesta. Malaki ang posibilidad na maghasik ng karahasan ang gubyerno at ibintang ito sa mga rebolusyonaryong pwersa upang takutin at paatrasin ang hanay ng mga pwersang tumututol sa pananatili ni Arroyo sa poder.

Ngunit anumang hakbang ang gawin ng rehimen ay hindi na makapipigil sa nalalapit nitong pagbagsak. Bilang na ang araw ng rehimeng Arroyo.

в

Namumuong unos

Nitong Hulyo 7, libu-libo ang nagtipon sa Liwasang Bonifacio upang igiit ang pagpapatalsik kay Gloria Arroyo. Pinakahuli lamang ito sa serye ng papalaki at papadalas na mga pagkilos ng mamamayan laban sa rehimeng Arroyo.



Bago ito, 20,000 katao ang dumagsa sa Makati City noong Hulyo 1 upang kalampagin ang matamlay na tugon ng mga negosyante sa panawagang pagbitiwin si Arroyo. Walong libong kasapi ng Bangon Pilipinas ang naglunsad ng pulong upang ipahayag ang kanilang pusisyon nang araw ding iyon.

Noong Hunyo 30, nagtipon sa Plaza Miranda ang 4,500 mga kasapi ng mga progresibong organisasyon habang 1,500 manggagawa ang nagmartsa sa Makati. Mayroon ring nagdaos ng iba pang porma ng protesta tulad ng *prayer rally* noong araw na iyon.

Naganap ang una sa malalaking rali noong Hunyo 24 kung saan 15,000 ang nagmartsa mula Sto. Domingo Church papunta sana sa Liwasang Bonifacio. Napilitan silang idaos ang kanilang programa sa Welcome Rotonda nang harangin sila ng 1,000 pulis doon.

Sa pagitan ng malalaking rali, naglulunsad ang mamamayan ng samutsaring mga protesta. Nitong Hulyo 5, sinimulan ng mga progresibong manunulat ang pagpapapirma sa internet para rin sa pagbibitiw ni Arroyo. Abala sa bawat araw ang mga demokratikong organisasyon sa pagpapaliwanag ng mga usapin, pag-iipon ng mga lagda at panghihikayat sa paparaming mamamayan na dumalo sa mga itinakdang pagkilos. Umiikot sila sa mga palengke, mga eskwelahan at iba pang sentro ng populasyon.

Sa mga komunidad, hayagang pinatutugtog ng mga aktibista ang 31-minutong tape ng usapan sa pagitan ni Arroyo at Garcillano. Sa iba't ibang bahagi ng bansa, malakas na bumebenta ang naturang mga usapan na ipinagbibili ngayon nang ₱20 kada CD.

Sa internet at mga *text message*, nagpapahayag ng protesta ang kabataan sa pamamagitan ng mga *ringtone* na dumarami araw-araw. Kalat na kalat na rin ang mga birong kumukutya kay Arroyo at kanyang mga kapamilya. Siyam na labanan sa loob ng 12 araw


Di magagapi ang BHB sa Ilocos-Cordillera

S a loob ng 12 araw, matagumpay na binigo ng magigiting na Pulang mandirigma ng Agustin Begnalen Command (ABC-BHB) ang matitinding sunud-sunod na pagsalakay ng AFP sa mga pwersa ng BHB sa hangganan ng Abra, Ilocos Sur at Mt. Province.

Inilunsad ng AFP ang malakihang operasyon sa lugar matapos ang matagumpay na reyd ng mga Pulang mandirigma noong Hunyo 4 sa Barangay Tiempo, Tubo, Abra kung saan nakakuha ng 30 armas ang BHB.

Kasunod ang payak na ulat ng ABC-BHB na lipos ng kapangahasan at kagitingan ng mga Pulang mandirigma:

Hunyo 9. Nagsimula ang malawak na operasyon sa pagpasok ng pinagsanib na mga pwersa ng 41st IB at 50th IB sa hangganan ng Abra at Ilocos. Tinatayang 500 tropa mula sa dalawang batalyon ang ipinakat sa operasyon. Isa pang kumpanya mula sa 54th IB ang ipinwesto sa Agawa, Besao, Mt. Province para magsilbing *blocking force* (pwersang pangharang) sakaling umatras ang mga Pulang mandiriq-



Napakalaki ng

kahihiyan ng AFP dahil

noongaraw ding iyon,

matagumpay na

inambus ng mga Pulang

mandirigma ng Alfredo

Cesar Command ang

50th IB sa Barangay

Malaya, Cervantes,

Ilocos Sur.



sa ilog sa gilid ng kampo. Habang nagkakalabanan, mabilis na nilisan ng mga pwersa ng BHB ang kampo. Natigilan ang mga kaaway papasok sa kampo at umatras din muna sa isang malapit na burol. Nang malaman ito ng ibang pwersa ng BHB na nakapwesto sa kalapit ng kampo, nagpadala ito ng isang lima ka-

taong tim ng Pumandirigma lang para sumaklolo at bumira sa kaaway. Nakasagupa ng tim ang mga kaaway sa burol na inatrasan ng mga ito.

Hunyo 10. Ang iba pang pwersa ng BHB na naroroon din sa erya ay naqbuo ng tatlong tim ng tiglimang isnayper na ikinalat sa iba't ibang baha-

qi ng bundok at qubat ng kampo upang abangan ang mga kaaway na balak bumalik sa kampo. Bandang alas-2 ng hapon ng Hulyo 10, napasok na ng mga kaaway ang kampong walang laman. Nakasagupa ng isang tim ng BHB ang isang grupo ng mga kaaway malapit sa kampo.

Hunyo 11. Nagpakat uli ang mga pwersa ng BHB ng isang tim malapit sa kampo para mamonitor ang galaw ng mga kaaway doon, isa pang tim para mag-abang sa malamang na lalabasan ng mga kaaway na nasa erya o papasukan ng mga bagong reimporsment nila, at isa pa para magsilbing tagamasid sa iba pang mga posibleng daanan ng kaaway. Alas-7 ng umaga, may pumasok nang mga reimporsment ang kaaway sa pinakatan ng ambus. Pero sa kapal ng pamumutok ng kaaway, umatras muna ang tim ng BHB habang namumutok pa ang mga kaaway. Pagkatapos ng isang

oras, bumalik ang tim ng BHB para ipagpatuloy ang pagbira sa mga reimporsment.

Samantala, napalaban ang tim ng BHB na lumapit nang 10 metro sa kampo para dikitan ang mga kaawav na naroroon.

Habang naglalabanan, bandang alas-11 ng umaga, dalawang heli-

> kopter ang dumating at nagtangkang lumapag sa banda ng kampo. Nang mga limang metro na lamang ang layo ng mga ito sa mga Pulang mandirigma, pinaputukan nila ang mga ito. Agad tinamaan ang machinegunner ng isang helikopter. Umatras ang mga helikopter at ang isa nito ay

pagewang-gewang na. Napabalitang bumagsak ito sa kalapit na Sityo Matibwey, kasama ang mga sakay nitong natamaang machinegunner, isang koronel at isang tinyente.

Bandang alas-3 ng hapon, dumating ang isang eroplanong OV-10 Bronco at sa loob ng isang oras ay nagpaputok at nambomba sa lugar. Walong bomba ang inihulog nito, pero lima lamang ang pumu-

Napakalaki ng kahihiyan ng AFP dahil noong araw ding iyon, matagumpay na inambus ng mga Pulang mandirigma ng Alfredo Cesar Command ang 50th IB sa Barangay Malaya, Cervantes, Ilocos Sur. Siyam na sundalo ng AFP ang napatay at tatlo pa ang nasugatan, kabilang ang tinyenteng kumander nila. Pitong malalakas na armas ang nasamsam ng BHB.

Hunyo 12. Naghulog ng anim pang malalaking bomba ang Bronco. Nagpaputok din ng pitong rocket. Sinundan ito ng pagdating ng isang helikopter na nagbabalak maglapag ng mga suplay at hakutin ang mga kaswalti ng kaaway. Pero pinaputukan ito ng tim ng BHB na nakadikit sa kampo kaya di uli ito nakalapaq.

Hunyo 13. Muling pumwesto sa dalawang burol ang mga isnayper ng BHB. Bandang alas-11 ng umaga av dumating uli ang Bronco, kasabay ang isang helikopter. Muling naghulog ang mga ito ng walong bomba. Nakalapag na ang helikopter, nakuha ang mga kaswalti at nagbagsak ng suplay para sa mga kaaway.

Hunyo 14. Dakong takipsilim, napalaban ang isang tim ng isnayper sa isang burol. Namatay dito ang isang Pulang mandirigma. Tinangka ng kaaway na gamiting pain ang kanyang bangkay. Hindi na ito nakuha ng kaaway. Bandang 7:30 ng qabi, dumating uli ang eroplanong Bronco na naghulog ng 15 bomba at nagpaulan ng maraming rocket sa paligid.

Hunyo 18. Dahil sa kaqyat nang pangangailangan sa mga suplay, sinadya ng isang tim ng BHB ang imbakan sa isang sulok ng kampong hawak ng kaaway bandang alas-10 ng umaga. Nagkaroon uli ng labanan sa kalapit at, muli, dumating ang helikopter ng kaaway para sumaklolo sa mga pwersa nila. Nagpaputok ito ng ilang bala ng 81mm mortar. Umatras ang tim ng BHB.

Hunvo 19. Nagtipon ng isang platun ng BHB para muling manguha ng mga suplay sa kampong hawak ng kaaway. Nakakita sila ng mga kaaway sa daan at muling napalaban. Inabot nang mula alas-10 ng umaga hanggang alas-2 ng hapon ang labanan. Isang Pulang mandirigma ang nagtamo ng minor sa sugat. Sa dami ng kaswalti ng



kaaway, napwersa silang umatras. Itinuloy ng platun ng BHB ang pagkuha ng mga suplay.

Hunyo 20. Napag-alaman ng mga mandirigma na paatras na ang kaaway mula sa erya ng operasyon. Ang platun na nanguha ng mga suplay ay pumwesto uli sa madaraanan ng mga kaaway para ambusin ang mga tropang sumusundo na ng mga kaswalti at papaatras na. Buntot na lamang ng kolum ng kaaway ang nakita nila. Pinagpasyahang huwag na itong birahin.

Tinataya ng ABC-BHB na hindi bababa sa 15 ang napatay nilang kaaway sa sampung labanan na naganap sa saklaw ng tatlong matataas ng bundok at limang baryo sa hangganan. Sa loob ng 12 araw, matatag na nilabanan at binigo ng ilampung Pulang mandirigma ang mahigit 500 kaaway na suportado pa ng mga sasakyang panghimpapawid at pambomba.

Liban sa isang kasamang nagalay ng buhay, ang tanging nakuha ng kaaway ay isang M14, isang buckshot, 2 pistola at mga gamit kusina at pang-upisina sa napasok nilang kampo.

Kahit lumalim ang mga mata sa pagod at puyat sa sunud-sunod na labanan, sa buong panahon nanatiling mataas ang moral ng lahat ng Pulang mandirigma roon. Mahusay nilang namantine ang giting at diwang mapanlaban. Naging mapangahas at mapanlikha sila sa paggamit ng taktika at teknika sa pakikihamok. Naging mahusay sa kabuuan ang pagdadala ng kumand at koordinasyon ng maliliit at kalat na yunit na ipinakat sa matatarik na bundok at mahihirap na tereyn na saklaw ng labanan. Muling ipinamalas ng mga Pulang mandirigma roon na hindi magagapi ang hukbong bayan ng bulok na reaksyunaryong hukbo. 🕮

70 armas nasamsam ng BHB sa buwan ng Hunyo

Indi bababa sa pitumpung (70) armas ang nadagdag sa arsenal ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) nitong buwan ng Hunyo mula sa mga taktikal na opensibang inilunsad nito laban sa mga tropa ng rehimeng US-Arroyo sa iba't ibang bahagi ng bansa. Ang pinakahuling nadagdag ay bunga ng matatagumpay na operasyon sa Bukidnon, North Cotabato at Western Samar. Nasa ibaba ang ilang detalye ng naturang mga taktikal na opensiba.

Bago ito, batay sa pagtatala ng *Ang Bayan*, may naunang 37 iba't ibang kalibreng armas na nakumpiska ng mga yunit ng BHB sa buwan lamang ng Hunyo sa rehiyon ng Ilocos-Cordillera. Tatlumpung (30) armas ang nakumpiska

sa pagsalakay sa detatsment ng Philippine Army sa Tiempo, Tubo, Abra (Hunyo 3); at pito, sa ambus sa Bessang Pass, Cervantes, Ilocos Sur (Hunyo 13).

Malinaw sa mga tagumpay na ito na hungkag ang ipinamamarali kamakailan lamang ng mga pro-

pagandista ng rehimen na umano'y humihina at patuloy na nababawasan ang hanay ng rebolusyonaryong hukbong bayan.

24 na armas, nasamsam sa reyd ng BHB sa North Cotabato

Dalawamput-apat na iba't ibang kalibreng armas ang nasamsam ng pinagsanib na mga pwersa ng Magtanggol Roque Command, Herminio Alfonso Command at Ka Paking Guimbaolibot Red Partisan Brigade ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa ginawang reyd sa istasyon ng Philippine National Police (PNP) sa Magpet, North Cotabato noong alas-6 ng gabi ng Hunyo 26.


Maluwag na nakapasok ang mga Pulang mandirigma sa istasyon ng pulis gamit ang taktikang panlalansi. Nagkunwari silang mga pulis na may dalang bilanggo. Laking gulat na lamang ng mga pulis nang magsibabaan sa dalang

> sasakyan ang iba pang Pulang mandirigma. Hindi na sila nakapanlaban.

> Sa isang pahayag, sinabi ni Rigoberto Sanchez, tagapagsalita ng Merardo Arce Command (MAC) ng BHB-Southern Mindanao Region na ang reyd ay patunay ng patuloy na pag-

husay ng kakayahan sa paniktik at operasyon ng BHB. Susi rito ang suporta ng mamamayan na nagbigay ng mahahalagang impormasyon at tulong.

Mariing sampal din ang reyd kay Gob. Emmanuel Piñol ng North Cotabato at kapatid niyang si Efren Piñol na alkalde ng Magpet. Anang MAC, nararapat lamang parusahan ang sabwatang Piñol-AFP dahil sa kanilang paniniil sa mamayan ng prubinsya sa pamamagitan ng sapilitang pagpapalawak ng mga dambuhalang korporasyong agribisnes, pagbubuo ng mga grupong paramilitar at papatinding mga operasyon nito upang palawigin ang kanilang anti-ma-



mamayang paghahari.

Scout Rangers, dinisarmahan sa Bukidnon

Lubos na nasorpresa at hindi na nakalaban ang dalawang tropa ng Scout Rangers na nagsisilbing gwardya ng isang *poultry farm* sa Dalwangan, Malaybalay, Bukidnon nang lusubin ito ng isang pinaliit na platun ng Rexan Perez Command ng BHB noong Hunyo 30. Pag-aari ng isang malaking negosyante ang naturang manukan.

Ayon sa ulat ni Ka Cesar Renerio, upisyal na tagapagsalita ng BHB-North Central Mindanao, nasamsam sa reyd ang tatlong M16, tatlong M203 grenade launcher, isang KV submachinegun, isang pares ng night vision goggles, isang portable global positioning system (GPS) receiver at isang base radio. Dahil sa wala namang utang na dugo sa mamamayan, pinakawalan ng BHB ang dalawang bayarang militar.

Matagal nang nakaatras ang mga mandirigma bago dumating ang mga panaklolong pwersa ng 4th ID na may kasabay na dalawang MG-520 *helicopter gunship* mula sa Cagayan de Oro City.


2 riple, nasamsam sa ambus sa Samar

Isang M16 at isang M14 ang nakumpiska ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) nang ambusin nito ang mga elemento ng 81st Recon Coy na lulan ng isang sasakyan sa Barangay Balante, Basey, Samar noong Hunyo 28. Limang sundalo ang namatay sa ambus. Sa kasawiang palad, namatay din ang asawa ng isang sundalo na sumama sa sasakyan. Ligtas na nakaatras ang mga gerilya at huli na ang pagdating ng dalawang helikopter na Huey na ipinadala para tugisin ang mga Pulang mandirigma.

Militarisasyon sa Andap Valley, Surigao del Sur

Ang katotohanan sa likod ng Oplan Nazareth

Illusad ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang Oplan Nazareth, isang malaking kontra-rebolusyonaryong kampanyang militar sa Andap Valley ng Surigao del Sur. Di bababa sa apat na batalyon ng Philippine Army at isang kumpanya ng Scout Rangers ang sumuyod sa mga bulubunduking bahagi ng mga bayan ng Lianga, San Agustin, Marihatag, Cagwait, Tago at San Manuel.



Layunin ng Oplan Nazareth ang supilin ang rebolusyonaryong paglaban ng mamamayan at gapiin ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa lugar at bigyang-daan ang operasyon ng malalaking komprador at kapitalistang dayuhan sa pagmimina at pagtotroso.

Bilang paghahanda sa malawakang kampanyang militar, isang "probing operation" ang inilunsad ng 58th IB noong huling bahagi ng 2004 upang tantyahin umano ang lakas ng BHB sa lugar. Nagtamo ang mga pwersa ng AFP ng mga kaswalti nang isnaypin sila ng mga mandirigma ng BHB-Pulang Diwata Command (BHB-PDC) noong Disyembre 16 malapit sa Sabang River, Marihatag.

Sinundan ito ng mas malaking operasyon noong Marso 27 kung saan apat na kolum ng 58th IB ang inilarga ng kaaway sa lugar. Inambus ng isang tim ng BHB-PDC ang isang kolum noong Abril 3 sa Km. 23, Marihatag. Isang sundalo ang namatay at anim ang nasugatan. Isang M16, isang pares ng *night vi*-



sion goggles at isang rifle scope ang nasamsam mula sa kaaway sa taktikal na opensibang ito.

Sa ilalim ng direktang pamumuno ng 4th ID, ibayo pang pinalawak ang mga operasyong militar mula Abril 28 hanggang Mayo 15. Dalawang batalyon ng Special Forces ang nagsagawa ng operasyon, bukod pa sa 36th at 58th IB, 42nd Deep Reconnaissance Coy at Scout Ranger Coy Class 158-04. Gumamit din sila ng mga OV-10 Bronco bomber plane, MG-520 helicopter qunship at 105mm at 155mm artillery qun.

Mula Mayo 2 hanggang Mayo 12, apat na beses na hinaras ng BHB ang mga tropa ng AFP. Sa bawat pagkakataon, bukod sa mga pinsalang idinulot ng isnayping, nagtamo ng dagdag na kaswalti ang mga kaaway nang dahil sa sobrang pagkakataranta ay sila-sila na ang nagkakabarilan. Noong Mayo 2, bukod sa dalawang tropa ng kaaway na napatay sa isnayping ng BHB sa Sabang River, lima pa ang napatay nang magkagulo at pinaputukan nila ang isa't isa. Pinakamalaking kaswalti ang tinamo ng AFP noong Mayo 5 sa Bell-John Spar, San Agustin kung saan di bababa sa 47 ang napatay na sundalo. Bukod sa isang tinyente at isang *radioman* na kaagad napatay sa muling pagisnayp ng BHB, 45 pang tropa ng kaaway ang napatay at may di pa mabilang na nasugatan nang sila-sila na ang magkabarilan.

Bakit pinag-iinitan ang Andap Valley?

A ng Andap Valley na masagana sa likas na yaman ay kabilang sa malalawak na lugar sa bansa na ibinukas ng rehimeng US-Arroyo para sa malalaking operasyong dayuhan at kumprador sa pagmimina at pagtotroso. Ang inilulunsad ng AFP na malalaking operasyong militar sa lugar ay may layong bigyang-daan at proteksyunan ang mga kumpanyang nagmimina at nagtotroso rito.

Mahigit 20 taon nang may malaking interes ang mga dambuhalang kumpanya sa pagmimina sa Andap Valley. Noong 1980, nakakuha ng 6,000-ektaryang kunsesyon ang Benguet Corp. para magmina ng karbon sa mga bayan ng Lianga, San Agustin, Marihatag at San Miguel. Pero napilitang isuspindi ng Benguet Corp. ang proyekto noong 1984 dahil sa pagtutol ng rebolusyonaryong kilusan sa lugar.

Bunsod ng pagtitibay ng Korte Suprema sa Mining Act of 1995 nitong Enero, muling nagplano ang Benguet Corp. na pasimulang muli ang pagmimina ng karbon sa lugar. May nagaganap na ring eksplorasyon para sa karbon ang Philippine Natonal Oil Co. sa prubinsya. Naaprubahan na rin ang Mineral Production Sharing Agreement ng Hinatuan Mining Corporation para magmina ng nickel sa 2,426.51 ektarya sa Hinatuan, Surigao del Sur.

Sa paqtotroso naman, may li-

mang aktibong Timber Licensing Agreement sa rehiyon ng Caraga na sumasaklaw ng 236,288 ektarya. Ang tatlong pinakamalalaking kumpanyang may hawak ng TLA sa Caraga—ang Sudecor ng pamilyang Puyat, ang Artimco ng pamilyang San Victor at ang Picop Resources Inc. ng pamilyang Bernardino—ay pawang nasa Surigao del Sur.

Sa laki ng inaasahang kita ng rehimeng Arroyo sa pagmimina at pagtotroso, nagbubulag-bulagan ito sa pandarambong ng mga dayuhan at kumprador sa mga likas na yaman ng bansa at sa tiyak na kapinsalaang idudulot nito sa kalikasan at sa buhay at kabuhayan ng mamamayan sa lugar. Ang mga lugar tulad ng Andap Valley na ibinukas sa pandarambong ng mga likas na yaman ang siya ngayong sinisibasib ng malulupit na operasyong militar.

Itinuturing ng AFP na pinakamalaking sagka sa pagpapatuloy ng malawakang pagmimina at

pagtotroso sa Andap Valley ang paniniwala nitong malakas ang pwersa ng BHB at malawak ang rebolusyonaryong baseng masa roon. Para sa AFP, palatandaan nito ang pagdalo ng libu-libong katao sa selebrasyon ng ika-38 anibersaryo ng Partido noong Disyembre 2003; ang malaking pagtitipon doon ng mahigit 50 kagawad ng midya, mga upisyal ng National Democratic Front-Mindanao at ilang kilalang pulitiko noong Enero 2004 na nilahukan ng aabot sa 2,000 mamamayan; at ang pagdiriwang ng anibersaryo ng NDF noong Abril 2004 na dinaluhan din ng libu-libong katao.

Dagdag dito, dumanas ng malalaking pagkatalo ang AFP sa kamay ng BHB sa gitna ng pagragasa ng Oplan Lambat Bitag II sa Surigao del Sur. Aabot sa 52 sundalo ang namatay sa ambus ng BHB sa Aras-asan, Cagwait noong Pebrero 1992 at 60 ang kaswalti ng kaaway sa taktikal na opensiba sa Lindoy, Tago noong huling bahagi ng dekada 1980. Napilitang magsilikas ang libu-libong mamamayan mula sa kabundukan bunga ng malawakang pambobomba at iba pang paglabag sa karapatang-tao sa lugar.

Sa laki ng galit ng mga sundalo, mga walang kalaban-labang sibilyan ang kanilang pinagbalingan. Matapos mamatayan ang kaaway ng pitong tropa noong Mayo 2 sa Sabang River, walang habas silang nagpaputok sa kabahayan at nagsunog pa ng limang bahay ng masa sa lugar na pinaglabanan.

Matapos din magtamo ng malaking kaswalti ang AFP noong Mayo 5 sa Bell-John Spar, anim na araw nilang pinagbobomba ang Andap Valley.

Noon namang Mayo 12, isang sibilyang nagngangalang Jessie Bacasmas ang basta na lamang binaril ng mga sundalo sa Km. 9 habang papasakay sa trak na nagdadala ng mga bakwit patungong Diatagon. Bago ito, tatlong grupo ng mga tropa ng kaaway sa Winford Line, San Miguel ang inisnayp ng BHB kung saan dalawang sundao ang namatay. Tulad ng dati, nagkabarilan muli ang mga tropa, na nagdulot ng di mabilang na dagdag na pinsala sa kanilang hanay.

Sa kabuuan, pitong magsasaka ang arbitraryong inaresto, anim na bahay ang sinunog, apat na sibilyan ang dinukot at hindi pa natatagpuan at mahigit 3,000 residente mula sa anim na munisipalidad ang napilitang lumikas. Mahigit isandaang pamilya rin ang nasiraan ng bahay, pananim at ari-arian bunga ng pambobomba at istraping ng kaaway. Marami pang ibang sibilyan ang tinortyur, pinilit maggiya at hinaras.

Ang tanging natamo ng kaaway ay ang pagkaka-diskubre nila noong Mayo 11 sa kwebang pinagtatagu-an ng BHB-PDC ng mga eksplosibo, mga kagamitan sa ordnans at ilang baril na sira na nakatakdang kumpu-nihin. Sa kabila ng laki at lawak ng operasyong militar, wala ni isang gerilya ng BHB ang napatay. Bag-kus, ang AFP ang nagtamo ng malalaking kaswalti.

Bigo ang Oplan Nazareth, unang-una na dahil sa malawak at malakas na suporta ng mamamayan sa rebolusyonaryong kilusan. Hindi rin kailanman magtatagumpay ang anumang operasyon ng kaaway na walang ibang layunin kundi sagasaan ang interes ng mamamayan.

May tunguhin ding mabigo ang ganitong mga operasyon ng kaaway, dahil na rin sa kabulukan at matitingkad na internal na kahinaan ng AFP, kabilang na ang matinding korapsyon na dahilan ng mahinang gawaing paniktik, mahinang gamit sa komunikasyon at kakulangan ng suplay na nagdudulot ng mababang moral.

Inaasahan ng BHB at ng mga rebolusyonaryong pwersa sa Surigao del Sur na may susunod pang mas matinding yugto ang Oplan Nazareth. Sa mahabang kasaysayan ng kagitingan at katatagan ng mga Pulang mandirigma, mga rebolusyonaryong pwersa at baseng masa sa lugar, tiyak na muling magagapi ang AFP sa muling pagsalakay ng mga bulok na pwersa nito.



Kumperensya ng rebolusyonaryong kilusang kabataanestudyante sa Mindanao, idinaos

atagumpay na naidaos ang kumperensya ng rebolusyonaryong kilusan ng kabataan-estudyante (RKKE) sa Mindanao sa isang lugar sa sentral na bahagi ng isla noong Mayo 10-17. Dinaluhan ito ng 22 kinatawan ng RKKE mula sa limang rehiyon ng isla, istap ng Komisyon ng Partido sa Mindanao at mga kagawad ng pambansang kawanihan ng Partido sa kabataan-estudyante.

Tinalakay sa kumperensya ang mga tagumpay at mahahalagang usaping kinakaharap ng Partido hinggil sa pagsusulong ng RKKE sa Mindanao at pinagtibay ang mga hakbangin upang ibayong mapasigla ang pagsusulong nito.

Lumitaw sa pagtatasa na nakalatag na ang RKKE sa 125 mayor at estratehikong paaralan sa isla. Naitayo rito ang mga rebolusyonaryong organisasyong masa ng kabataan-estudyante na may ilang libong kasapi at may baseng masang aabot sa ilampungli-



bo. Marami-rami sa mga paaralang ito ang mahusay na nakonsolida, sustenidong nakikilusan at mahigpit na nahahawakan ang mahahalagang organisasyong pampaaralan.

Hindi lamang mga kolehiyo at unibersidad ang nasasaklawan ng RKKE sa Mindanao. Saklaw din maging ang malalaking hayskul at ang ilang komunidad ng maralitang lungsod.

Bagamat kakaunti pa lamang ang pinamumunuang mga organisasyon kung ihahambing sa populasyon ng mga estudyante, epektibong nakapapamuno ang mga rebolusyonaryong pwersa sa matatagumpay na pakikibaka ng mga kabataan-estudyante hinggil sa mga mayor at malalaking isyu sa paaralan kung saan libu-libong estudyante ang nabiyayaan. Halimbawa, sa sama-samang pagkilos laban sa pagtataas ng matrikula sa ilang paaralan, naibaba mula 15-20% tungong 6-10% ang tantos ng pagtaas. May mga napigilang paniningil ng hindi makatarungang miscellaneous fees (samutsaring bayarin) at iba pang bayarin at sa ilang pagkakataon ay naibalik sa mga estudyante ang perang kinolekta. Mayroon ding nasagkaang di-makatarungang mga patakaran. Hindi lamang mga estudyante ang nabiyayaan sa mga naipagtagumpay na mga pakikibaka, kundi maging mga quro at mga kawani ng paaralan.

Napangalagaan din ang karapatan ng mga estudyante sa pagtatayo at pagpapatakbo ng kanilang mga konseho at pahayagan. Marami-raming aktibistang masa ang nanalo sa mga eleksyon para sa konseho ng mga estudyante, at sa maraming pagkakataon ay napakalaki ng lamang nila sa kanilang mga kalaban.

Maging sa ilang paaralang sumusupil sa mga kalayaan ng mga mag-aaral, nakapapamuno at nakakikilos nang lihim at hayag ang mga pwersa ng RKKE sa isla. Malikhain at militante nilang naigigiit ang mga akademiko at demokratikong karapatan ng mga mag-aaral.

Ang RKKE sa Mindanao ay nananatiling nasa unahan sa pagsusulong sa mga karapatan at kagalingan ng mga estudyante at sa interes ng kabataan sa mga komunidad ng maralitang lunsod.

Sa pagsusulong ng mga multisektoral at pambansang isyu, kasama rin sa mga nangungunang pwersa ang mga elemento ng RKKE at impluwensyadong masa ng kabataan. Daan-daan, at sa ilang pagkakataon libu-libo, ang napakikilos sa mga pakikibakang ito. Sa nakaraang elektoral na pakikibaka, libulibong kabataan ang naorganisa at napakilos. Mahiqpit silang nakaugnay sa mga pakikibaka ng masang manggagawa, malaproletaryado, magsasaka at iba pang mga pinagsasamantalahan at inaaping sektor.

Masigasig din ang mga pwersa ng RKKE sa gawaing propaganda at edukasyon. Militante nilang naipalalaganap ang pambansa-demokratikong linya sa mga paaralan at lansangan sa panahon ng mga demonstrasyon, rali, piket at iba pang aksyong masa.

Marami-rami na ring kabataang aktibista mula sa kalunsuran ang umanib na sa BHB at sa kilusang magsasaka sa kanayunan. Nakaaasa na sa sarili ang rebolusyonaryong kilusan sa Mindanao sa pagpapadala ng mga kadre at aktibistang kabataan sa kanayunan. Malaki ang naitutulong ng mga ito sa iba't ibang rebolusyonaryong gawain ng BHB at ng mga larangang gerilya. Sa loob ng lumipas na tatlong taon, mahigit 60 na ang kabataan mula sa kalunsuran ang umanib sa BHB. Maliban pa ito sa mahiqit 160 na sumanib nang ilang buwan upang tumulong sa mga rebolusyunaryong gawain sa kanayunan at magpalalim ng kanilang pag-unawa sa demokratikong rebolusyon ng bayan.

Ipinasya ng kumperensya na maglunsad ng ibayong pagsisikap para palawakin at palakasin ang Kabataang Makabayan at organisasyon ng Partido sa lahat ng mga mayor at malaking paaralan, palawakin ang mga ligal na progresibo at tradisyunal na organisasyong pampaaralan, pasiqlahin ang mga lokal at sektoral na mga pakikibaka na mahiqpit na qinaqabayan nq pambansa-demokratikong linya at pasiglahin ang sustenidong edukasyong pampulitika sa hanay ng mga hawak at impluwensyadong organisasyong masa, palakasin pa ang tulov-tulov na pag-uugnav ng pakikibaka ng RKKE sa mga pakikibaka ng batayang masa, at paramihin pa ang bilang ng kabataang umaanib sa BHB. Daqdaq pa, may kapasyahan ding saklawin ang mas maraming malalaking hayskul at mas malaking bilang ng kabataan sa mga komunidad ng maralitang lunsod. ΑB



Duguan ang mga kamay ni Palparan sa Eastern Visayas

ahil sa ibayong pagdami at pagtindi ng mga paglabag sa karapatang-tao sa Eastern Visayas (EV) mula nang maitalaga rito si Brig. Gen. Jovito Palparan bilang bagong hepe ng 8th ID, itinulak ng 12 kongresista sa rehiyon ang pag-iimbestiga nito sa kongreso. Nagharap sa kongreso noong Mayo 31 ang ilang biktima at kanilang mga kapamilya, ilang kongresista at ang mga kilalang berdugo at pasista sa EV tulad nina Brig. Gen. Jovito Palparan, PNP Chief Supt. Dionisio Coloma, Col. Manuelito Usi at Col. Bernard de Luna.

Sa pagdinig sa kongreso, ipinahayaq ni Alex Lagunzad, pangkalahatang kalihim ng Katungod-Sinirangang Bisayas (Katungod-SB) na may naitalang 199 kaso ng iba't ibang paglabag sa karapatang-tao sa EV sa loob lamang ng 86 na araw mula nang mamuno si Palparan sa 8th ID noong Pebrero 10. May 22 kaso ng pagsalbeyds sa panahong ito (katumbas ng lima bawat buwan) at 20 kaso ng pagdukot. Mayroon ding 36 na biktima ng istraping, pambobomba at walang habas na pagpapaputok, 13 biktima ng tortyur, 16 na biktima ng pambubugbog at arbitraryong pang-aaresto at 17 biktima ng arbitraryong pagkakakulong. Sa panahong iyon ay umaabot na sa 979 ang biktima ng sapilitang pagpapalikas sa 21 komunidad sa mga bayan ng Calbiga, Tarangan, Motiong, Jiabong, Catbalogan at Paranas, lahat sa prubinsya ng Samar.

Ang kabuuang bilang ng mga naitalang paglabag sa karapatangtao sa loob lamang ng kulang-kulang tatlong buwang panunungkulan ni Palparan ay di hamak na malaki kumpara sa 94 kasong naitala sa buong 2004.

Mga testimonya. Tumestigo si Amelia Dacut hinggil sa pamamaril at pagpatay ng militar sa kanyang asawang si Atty. Felidito Dacut, abugado ng Katungod-SB. Listo si Chief Supt. Coloma sa pagtanggi na militar ang pumatay kay Attorney Dacut.

Nagbigay naman ng testimonya sina Alden Ambida na provincial coordinator ng Bayan Muna sa Eastern Samar, Dario Tomada na tagapangulo ng Alyansa sa mga Maguuma alang sa Reporma sa Yuta (ALMARYU), Filomeno Salazar, Jr. na tagapangulo ng Katu-

ngod sa prubinsya ng Leyte, at si Alex Lagunzad. Ang apat na upisyal na ito ng magkakaibang ligal na organisasyon sa EV ay naging biktima ng magkakasunod na tangkang pamamaslang ng militar sa utos ni Palparan.

Si Ambida ay binaril noong Abril 9 sa Borongan, Eastern Samar. Nagtamo siya ng apat na tama ng bala.

Si Tomada naman ay pinuntahan sa kanyang bahay sa Leyte nitong Mayo 6 ng nakamotorsiklo at armadong mga lalaki. Nang lumabas ang bayaw ni Tomada sa bahay, ito ang napagkamalang target at binaril.

Pinuntahan naman ng mga armadong lalaki si Salazar sa kanilang bahay nitong Mayo 4. Napigilan ang pagpasok ng mga operatiba sa kanilang bahay at nagsitakas ang mga ito nang dumating ang mga pulis na maagap na hiningan ni Salazar ng saklolo.

Si Lagunzad naman ay sinundan ng mga armadong operatiba ng militar. Babarilin na sana siya subalit hindi ito natuloy dahil sa dami ng taong nakapaligid sa kanya.

Ayon din kay Lagunzad, pati post office box ng Katungod-SB ay binabantayan ng militar "arawaraw at oras-oras" para matiktikan ang mga kasapi ng organisasyon na kumukuha ng mga sulat. Dagdag pa

niya, ilang araw bago patayin si Attorney Dacut, may nahuli ang mga pulis na tatlong militar na umaali-aligid sa kanilang upisina.

Iniulat naman ni Concepcion de Luna, bokal ng prubinsya ng Samar at *de*puty secretary general ng Bayan Muna sa EV ang kampanya

ng militar para markahan siya sa publiko. Ayon kay de Luna, nagpapatawag ng mga pulong ang militar sa mga barangay, at dito'y sinasabi na manloloko at di mapagkakatiwalaan si de Luna dahil tagasuporta umano siya ng BHB. Ayon kay de Luna, ganito ring kampanya ng pagmamarka sa target, na idinaraan sa pinatatawaq ng militar na mga pulong-bayan, ang pinag-umpisahan ng pagpatay kina Eden Marcellana, pangkalahatang kalihim ng Karapatan-Southern Tagalog at Vice Mayor Juvy Magsino ng Naujan, Oriental Mindoro. Ang ganitong paraan ng pagtatarget ay naging kalakaran ng militar noong nakadestino pa roon si Palparan. Ayon din kay de Luna, "kung pati





mga lokal na upisyal ng gubyerno ay pinagbabantaan ng militar, ano pa kaya ang mangyayari sa ordinaryong mamamayan?"

Matapang namang hinarap ng asawa ni Jovito Velasco (isang biktima ng pagdukot) at anak ni Patricio Abalos (biktima rin ng pagdukot) ang mga pasista sa pagdinig at ipinahayag ang kanilang testimonya. (Tingnan ang kaugnay na artikulo)

Pagtatatwa, kasinungalingan. Walang kahihiyan ang pagtanggi at pagsisinungaling ni Palparan at ng mga kasamahan niyang pasista sa mga testimonya at akusasyon. Matapang ang apog ni Palparan na sabihing wala namang nagpapatunay sa personal niyang partisipasyon o ng kanyang mga tauhan sa mga krimen gayong sa umpisa pa lamang ng kanyang pagkakatalaga bilang kumander ng 8th ID ay ipinahayag na niya sa radyo sa Tacloban City ang brutal niyang plano ng pagdukot sa piling mga tao at pagdurog sa ligal na mga organisasyon. (Tingnan isyung Mayo 21, 2005 ng AB)

Kahit naibrodkas sa buong EV ang mga pahayag ni Palparan hingqil sa paqpapatiqil sa mga demonstrasyon ng mga ligal na organisasyon laban sa gubyerno, itinatwa pa rin ito ni Palparan sa paqdiniq ng Kongreso. Ang BHB raw ang sinabi niyang dudurugin at hindi ang mga ligal na organisasyon o mga ordinaryong mamamayan. Subalit pinabubulaanan ito ng humahabang listahan ng mga paglabag sa karapatang-tao ng mga upisyal at myembro ng mga ligal na organisasyon at mga karaniwang mamamayan ng EV. Walang saysay ang kasinungalingan ni Palparan. Nakabonet man o hindi ang mga mamamatay-taong idinidispatsa niya, alam na alam ng mamamayan sa EV na mga tauhan sila ni Palparan.

Sukdulang karahasan

A yon kay Elena, asawa ng dinukot na si Jovito Velasco, noong madaling araw ng Abril 22 ay pinasok ng mga militar ang kanilang bahay sa Sinantan, Calbayog City at dinakip ang kanyang asawa. Pinadapa ng mga militar si Velasco, inapakan sa ulo at tinadyakan. Pinagbibintangan siyang kasapi ng BHB. Hindi sumunod si Elena sa utos ng mga militar na maghanap siya ng taling ipanggagapos sa kanyang asawa.

Nang makakuha ng tali ang militar, iginapos ang kanyang asawa at hinila palabas, muling sinipa at pinalo ng lubid. Hinalughog ng mga militar ang bahay para sa itinatago umanong baril ni Velasco. Inapak-apakan din nila ang malilinis na damit. Pagkatapos, nagpaputok sila ng baril sa labas ng bahay. Sinabi nila na mga kasamahan ni Velasco sa BHB ang nagpaputok kaya papatayin na nila si Velasco. Hindi natuloy ang pagbaril kay Velasco dahil niyakap siya ng kanyang asawa. Isinakay si Velasco sa isang *multicab*. Nakita ni Elena nang dalhin ang kanyang asawa sa detatsment ng militar sa Barangay Hamorawon. Subalit ngayo'y itinatanggi ng militar na kinuha nila si Velasco.

Matatag namang ikinwento ni Cristina, anak ng 62 anyos na si Patricio Abalos, kung papaano dinukot ang kanyang ama mula sa kanilang bahay sa Km. 2, Catbalogan, Samar noong gabi ng Marso 28. May napansin ang pamilya na pumaradang Toyota Revo sa tapat ng kanilang bahay at may bumabang mga lalaki. Lumabas ang maysakit na ama ni Cristina sa pag-aakalang kakilala niya ang mga dumating. Tinutukan ng baril ang matanda at hinila sa loob ng apat na lalaki kasabay ng pagharurot ng sasakyan sa direksyon ng bayan. Sinundan pa ito ng isang motorsiklo.

Bumalik ang mga sundalo noong Marso 31, sa pamumuno ng isang nagpakilalang 2Lt. Wilbert Basquiñas. Pinipigilan ng ina ni Cristina ang pagpasok ng mga militar sa kanilang tahanan. Subalit nagbanta ang mga ito na kung hindi sila papapasukin ay papatayin silang mag-ina. Tinutukan ng baril ang ina. Hinalughog ng mga militar ang buong bahay at sinabi sa mag-ina na ilabas ang baril ni Mang Patricio kung gusto pa nila siyang makita. Nag-iwan si Basquiñas ng numero ng *cellphone* sa mag-ina.

Pumunta ang mag-ina sa bahay ni Kongresman Catalino Figueroa upang humingi ng tulong. Tinawagan ng kongresista ang numerong iniwan ni Basquiñas sa mag-ina, subalit pinagtawanan lamang siya ng pasista nang makausap ito. Matapos ito, ipinatawag ni Figueroa si Palparan sa isang pagtitipon ng mga alkalde sa bahay niya. Pinuntahan at kinaharap ng mag-ina ang berdugo. Pero sinabi lamang nito sa kanila na "Aminin mo na, misis, na NPA ang asawa mo, para matulungan ko kayo." Itinanggi ni Palparan sa pagdinig ng Kongreso na may sinabi siyang ganito. Pinatunayan naman ni Kongresman Figueroa na sinabi nga ito ni Palparan sa mag-ina. Sige ang pagtanggi ng berdugo na dinukot nga nila ang matanda.



Donato Continente, malaya na

PINALAYA na nitong Hunyo 28 si Donato Continente, isa sa hinatulan ng reaksyunaryong hukuman kaugnay ng pagpatay ng BHB noong 1989 kay Col. James Rowe, upisyal ng Joint US Military Advisory Group (JUSMAG). Ang JUSMAG ay isang ahensyang militar ng US na nanghihimasok sa Pilipinas.

Sa isang pahayag, sinabi ng PKP na habang ikinalulugod nito ang paglaya ni Continente, pinatampok ng kanyang matagal na pagkakabilanggo ang laganap na paniniil at paglabag sa karapatang-tao sa loob ng reaksyunaryong sistema ng hustisya. Pinating-kad din nito ang panghihimasok ng imperyalismong US maging sa pagpapatupad ng hustisya sa Pilipinas.

Malaon na sanang nakalaya si Continente kung hindi lamang sa tuluy-tuloy na pakikialam ng US sa kanyang kaso. Labing-anim (16) na taon siyang ipiniit.

Nananatili pa sa bilangguan si Juanito Itaas na kasama niyang nahatulan sa kaso.

Implementasyon ng EVAT, ipinatigil ng Korte Suprema

PANSAMANTALANG ipinatigil ng Korte Suprema ang implementasyon ng RA 9337 o expanded valued-added tax (EVAT) law noong Hulyo 1 makaraan ang 18 oras pa lamang na epektibidad nito. Ito ang tugon ng korte sa petisyong inihain ng mga kongresista, tagasuplay ng mga produktong petrolyo, mga grupo ng transportasyon at mga progresibong partido. Idiniin nila na labag sa konstitusyon ang pagbibigay kay Gloria Arroyo ng standby authority na itaas ang VAT mula 10% tungong 12% sa su-

sunod na taon, at gayundin ang pagsisingit ng senado ng ilang probisyon sa batas na tanging ang kongreso lamang ang may karapatan.

Bunga ng kautusang ito, napilitan ang kinauukulang mga ahensya ng gubyerno na iutos ang pagrolbak sa mga presyo ng mga produktong petrolyo at ilang mga serbisyo. Gayunpaman, ang nasingil nang dagdag na EVAT ay hindi na ibabalik sa mga nakapagbayad nito at sa halip ay kukunin na ng gubyerno.

Rehimeng Arroyo, sagka sa usapang pangkapayapaan

MULING sinagkaan ng rehimeng Arroyo ang muling pagbubukas ng usapang pangkapayapaan sa pagitan nito at ng National Democratic Front nang makaisang-panig nitong baguhin ang pinag-isang pahayag ng dalawang peace panel ng NDFP at ilang kongresista noong Hunyo 27.

Matapos ang mahabang usapan, unilateral na binura ng rehimen mula sa pinag-isang pahayag ang mga isyung nais resolbahin ng NDFP para sa pagpapadulas ng usapan. Kabilang sa mga usaping ito ang pagtatanggal sa PKP, BHB at kay Jose Ma. Sison sa talaan ng mga "terorista;" ang pagpilit sa NDFP na sumuko at ang mga bantang pagpatay sa mga konsultant ng panel ng NDFP.

Naganap ang pinakahuling maniobra sa panahong sumambulat na ang malalaking krimen ng rehimen at lumalakas na ang panawagang patalsikin si Arroyo sa poder. Dahil dito, nagpahayag ang NDFP na kailangan munang patalsikin ng mamamayang Pilipino si Arroyo at ang kanyang ultra-Kanang mga kasapakat sa lalong madaling panahon para mabigyang-daan ang muling pagbubukas ng pormal na usapang pangkapayapaan.

Helikopter ng US, pinabagsak ng mga gerilyang Afghani

NADAGDAGAN ang sakit ng ulo ang gubyernong Bush ng US nang pabagsakin ng mga gerilyang Afghani ang MH-47 Chinook helikopter sa Shurak, Asadabad sa silangang prubinsya ng Kunar, Afghanistan noong Hunyo 28. Napatay ang 16 sa 20 tropa ng US Navy SEALS (Sea, Air and Land Special Forces) na lulan ng helikopter,.

Isa ang nailigtas habang nabihag naman ang tatlo pa. Bilang ganti, pinagbobomba ng mga pwersa ng US ang kabundukan sa paligid. Labimpitong sibilyan ang napatay sa pambobomba, kabilang ang maraming bata.

Ito na ang ikasiyam na helikopter ng US na napabagsak ng mga gerilyang Afghani at isa sa pinakamalalaking dagok na tinamo ng mga pwersang Amerikano mula nang sakupin ng US ang Afghanistan noong 2001

Kinikilala ng matataas na upisyal ng US Army na ito ang pinakamalaking dagok sa mga pwersang Amerikano sa loob lamang ng isang araw.



Taon XXXVI Blg. 13 Hulyo 7, 2005 www.philippinerevolution.org

Editoryal

Gamitin ang kapangyarihang bayan para patalsikin ang rehimeng Arroyo

Inihingi ng kasalukuyang sitwasyon ang ibayong sigasig sa pagtitipon ng nagkakaisang lakas ng mamamayan para hambalusin at tapusin na ang bulok at kinapopootang paghaharing Arroyo. Sa harap ng patuloy pa ring pangungunyapit ni Gloria Arroyo sa trono, umaalingawngaw ang sigaw ng bayan at inilulunsad ang mga malawakan at malakihang pagkilos para kagyat na wakasan na ang kasalukuyang naghaharing pangkatin.

Tumutungo ang sitwasyon sa pagsiklab ng panibagong malawakang pag-aalsang bayan para kamtin ang iginigiit ng mamamayan na kagyat na pagbabago. Nagsisilbing napakainam na kalagayan din ito para sa pagpapabilis ng pagsusulong ng de-

mokratikong rebolusyong bayan at pagtungtong nito sa mga susunod na baitang ng kasalukuyang yugto ng digmang bayan.

Matinding ikinagagalit ng mamamayan ang ipokritang pag-amin ni Arroyo na kanya nga ang boses ng babaeng nasa mga teyp ng Gloriagate na kumausap sa isang upisyal ng COMELEC gayundin ang pilipit niyang pag-

tangging dinaya nila ang resulta ng nakaraang halalan. Bago pa ito, mga pabigat na patakaran sa ekonomya ng rehimeng Arroyo na nagbubunsod ng labis na paghihikahos at ang papatinding panunupil sa mga pwersang tumututol dito.

malaon na ring kinasusuklaman ng mamamayan ang

Sa harap ng mga ito, kabi-kabila ang mga maniobrang ligal at pulitikal ng rehimeng Arroyo para guluhin at pahupain ang isyu, maglubid ng higit pang mga kasinungalinan, lituhin at linlangin ang mamamayan, ikutan ang mga batas at proseso ng hustisya at sa kalauna'y mapawalang-sala si Arroyo. Habang ipinupursige ng mga pwersang anti-Arroyo ang mga prosesong parlamentaryo kabilang ang pagsasagawa ng

mga pampublikong imbestigasyon, tusong pinagsisikapang barahin o maniobrahin ang mga ito ng mga alipures ni Arroyo sa kongreso at iba pang instrumento ng re-

mento ng reaksyunaryong gubyerno. Sa harap

ng mga panlilinlang, pagmamaniobra at pagmamatigas ni

Arroyo, nasasapul ng mamamayang Pilipino ang pangangailangan para sa kanilang tuwirang pagkilos at paggamit sa kapangyarihan ng bayan upang patalsikin siya sa poder. Isinusulong ngayon ng iba't ibang pwersa ang lahat ng po-

Mga tampok sa isyung ito...

Bilang na ang araw ni Arroyo sa Palasyo PAHINA 3

70 armas nasamsam ng BHB noong Hunyo PAHINA 4 Duguan ang kamay ni Palparan sa Eastern Visayas PAHINA 6

Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- **2.** Pag-print sa istensil:
 - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
 - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
 - k) I-click ang Properties
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
 - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa panugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*